ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# ISANG PAG-AARAL HINGGIL SA KARANASAN NG MGA GURO SA PRIBADONG PAARALAN SA PAGTUTURO NG WIKANG FILIPINO: A CASE STUDY

**Anna Mea S. Donaire[1],**
[1]ORCID No. 0009-0004-5938-4763
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19739**
**DOI No: 10.36713/epra19739**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng multiple case na pag-aaral na ito ay upang galugarin ang mga karanasan, tuklasin ang mga napagtagumpayan sa pagharap sa mga hamon at malaman ang mga pananaw o napagtanto sa mga naging karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Gamit ang purposive sampling at pamantayan sa pagpipili ng mga kalahok, natukoy ang kalahok na tatlong guro na nagtuturo sa pribadong paaralan mula sa lungsod ng Kapalong, Davao del Norte at lahat sila ay lumahok sa isang malalim na panayam. Ang mga resulta ay nagsiwalat ng mga karanasan ng mga kalahok: ay ang hamon sa kasanayan ng mag-aaral sa salitang ingles, suliranin sa pagpapaintindi ng mga salita, at nahihirapan sa pagtuturo sa hindi paggamit ng wikang Filipino. Bilang tugon sa mga hamon na kanilang naranasan, itinuturing nilang mahalaga ang mga sumusunod para mapagtagumpayan ang mga kanilang mga Hamon Sa Pagtuturo ng Wikang Filipino: ay ang pagiging handa sa pagtuturo ng wikang Filipino, paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino, at pagkaroon ng kahalagahan ng motibasyon ng guro sa pagtuturo. Sa pagninilay-nilay sa kanilang buong karanasan, narating nila ang mga sumusunod na pananaw o napagtanto: ay ang pagbibigay halaga sa wikang Fiipino, pagpapalaganap ng wikang Filipino, kahalagahan ng pagkakaroon ng estratehiya sa pagtuturo, at kahalagahan ng pagtuturo ng wikang Filipino sa edukasyon.*

**MGA SUSING SALITA***: mga guro sa pribadong paaralan, pagtuturo ng wikang Filipino, multiple case approach, kwalitatibong pag-aaral*

## INTRODUKSYON

Wika ay susi sa pag-unlad at kapayapaan ng mundo. Malaki ang ginagampanan ng wika sa bansa sapagkat nagkakaintindihan ang bawat isa at malayang makapagpapahayag ng saloobin at kaisapan. Kung kaya ang guro ay mayroong mahalagang papel sa paggamit ng wika upang matamo ang mga layunin ng edukasyon. Malaki ang responsibilidad na nakaatang sa guro tungo sa ikatatagumpay ng gawaing ito. Maliban sa taglay niyang kaalaman sa pagtuturo at mga mabubuting katangiang naaayon sa simulain ng edukasyon at sikolohiya, ang guro ay kailangang may sapat na kasanayang pangwika upang magampanan ang tungkulin niyang ito. Ang kakayahang pangkomunikasyon ng guro at mag-aaral ay kinakailangang mahasa upang magkaroon nang maayos at epektibong interaksyon sa klasrum (Mayos, 2008).

Sa bansang India, sa isang pananaliksik na may malaking kinakaharap na hamon ang mag-aaral pagdating sa sarili nilang wika kahit na tinuturo at pinag-aaralan nila ang mga ito. Sinasabing maituturing silang isa sa *multilingual* na bansa kung kaya ay nagkaroon sila ng dalawang opisyal na wika ang Hindi at Ingles. Kaugnay rito, kahit na sinasalita nila ang Wikang Ingles, labis nahihirapan pa rin ang karamihan na pag-aralan ang nasabing wika dahil sa kakulangan ng kagamitang pampagkatuto tulad ng aklat. Madalas ay nag-aaral o nagbabasa lamang ang mga mag-aaral kapag kinakailangan o tuwing may pagsusulit. Ang masaklap pa, nagpapakita lang ng interes angiba na matuto kung ang nilalaman ng talakayan ay nakabatay sa teknolohiya tulad ng elektronikong kagamitan o nakahandang mga *apps* na kung saan ay sa tingin nila mas mapapadali ang kanilang gawain. (Jeyaraj, 2017).

Sa Pilipinas partikular sa lungsod ng Koronadal, South Cotabato lumabas sa pag-aaral sa *Marbel School of Science and Technology, Inc* na suliranin talaga ang kakulangan sa kaalaman ng mag-aaral sa wikang Filipino. Naitalang ito ay sa kadahilanang mga salik na naakaapekto sa kaalaman sa wikang Filipino, pagbabago ng pamamaraan sa pananalita ng wikang Filipino at impluwensiya ng modernong panahon sa wikang Filipino. Patunay lamang na maraming suliraning kinakaharap ang wikang filipino at maging ang sambayanang Pilipino (Baito et al., 2019).

Ang pananaliksik na ito ay mayroong sapat na kahalagahan para tuklasin ang naging karanasan, hamon at suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ang papel na ginagampanan ng isang guro sa pagtuturo ng wikang Filipino ay tunay na mahalaga sapagkat isa sila sa dahilan para mabigyan ng edukasyon na mahusay ang kalidad ang estudyante at magturo

ng wastong paggamit ng mga salita, pag-unawa sa konsepto at pagpapahalaga sa kultura ng wikang Filipino. Bukod dito, ang isang guro ay nagiging huwaran sa tamang paggamit at pagmamahal sa sariling wika na magbibigay inspirasyon sa kanilang mag-aaral na mahalin at pagyamanin ang wikang Filipino. Kung kaya, ang pag-aaral na ito ay kailangang isagawa sa ngayon upang matuklasan natin ang karanasan, hamon at suliranin ng mga guro at para maagarang matugunan ang suliranin na kanilang kinakaharap, magkaroon ng solusyon na makakatulong at makabubuo ng mga pangunahing pamaraan o estratehiya upang mapa-unlad ang wikang Filipino.

May pagkakahalintulad ito sa pananaliksik nina Valdez et al., (2019), na may pamagat na Pilit at Pinilit: Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita ng Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino. Sinuri nang masusi nang mananaliksik ang persepsyon ng mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga datos, napag-alaman na itinuturing ng mag-aaral na sagabal ang paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pakikipag-usap. Kalakip nito ang pananaliksik nina Fajri at Indah (2022), na may pamagat na *Student's Speaking Problems in Online Learning* kung saan pinag-aralan nila ang naging balakid ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa birtwal na pagtuturo. Lumabas sa kanilang pananaliksik ang naging suliranin ng mag-aaral at ito ay kahirapan sa pagbibigkas, bokabularyo at balarila. Sa pananaliksik na ito, nakatuon sa karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino kung saan ay malalaman ng mananaliksik ang bawat karanasan na kanilang pinagdaanan sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa mga partisipanteng guro. Bagamat maaring may pagkakatulad ang pananaliksik ngunit magkaiba ang paraan ng pagsasaliksik, ang pinagkukunan at pinagmulan datos, ang mga kalahok at maging ang lokasyon ng bawat kalahok sa pananaliksik.

Matapos ang pananaliksik na ito, layunin ng mananaliksik na ibahagi ang kaalamang nakalap sa pananaliksik na ito at maipamahagi ang kaniyang natuklasan hindi lamang sa mga guro gayundin sa susunod na mananaliksik. Ilalathala ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng isang malikhaing interaksyon na may kaugnay sa pag-aaral na ito at isasagawa ang pampublikong talakayan para maibahagi ang mga natuklasan sa mas malawak na madla o sa publiko. Magsisilbing layunin ng pampubilikong pagbabahagi ng pag-aaral na ito ay ang pag-udyok sa impormadong pagsusuri, inspirasyon ng mga proyektong pangkalahatan at ang pagsusulong ng mga praktikal na aplikasyon sa mga natuklasan batay sa pananaliksik sa mga larangan ng pampublikong serbisyo at kaalaman.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng *multiple case study* na ito ay ilahad ang mga pananaw, karanasan at tuklasin ang mga mekanismo sa pagharap sa mga hamon ng mga guro sa mga pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay nakapokus sa mga guro ng mga pribadong paaralan na nagtuturo ng wikang Filipino sa ika-unang baitang lungsod ng Kapalong. Sa pananaliksik na ito ay mabibigyang-linaw ang mga tanong kung ano ba talaga ang naging karanasan at naging hamon sa pagtuturo ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino, maaaring matukoy at matuklasan ang pagkakapareho at pagkakaiba-iba ng kanilang dinanas, hamon na kanilang hinarap na magbibigay ng malalim na pag-unawa sa mga suliranin, mga hadlang na maaaring harapin ng mga guro sa kanilang paglalakbay tungo sa pagtuturo ng wikang Filipino at ang pagsusuri sa mga pananaw nila na naglalayong malaman ang kanilang mga saloobin,

**Mga Katanungan ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay tatalima sa karanasan ng mga Guro sa Pribadong Paaralan sa Pagtuturo ng Wikang Filipino. Layon nito na sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral sa pribadong paaralan?

2. Paano hinaharap ng mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng wikang filipino sa mga na sa ika- unang baitang na mag-aaral?

3. Ano-ano ang mga napagtanto ng nga guro sa pagtuturo ng wikang filipino sa mga nasa ika-unang baitang na mag-aaral?

## METODO

**Disenyo**

Kwalitateyb na pamamaraan sa ang ginamit sa pananaliksik na ito sapagkat nalalayon ng mananaliksik na mailarawan at maisalaysay ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino na nasa ika-unang baitang. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay isang uri ng pag-aaral na nagsusuri at nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga suliranin na kinahaharap sa buhay ng tao. Sa halip na kolektahin ang mga numerikal na datos, ang kuwalitatibong pananaliksik ay ginagamit sa pagbuo ng mga hipotesis pati na rin sa masusing pagsusuri at pag-unawa sa mga pangyayari o sitwasyon. Ang isang kuwalitatibong pananaliksik ay naglilikom ng mga karanasan, pananaw, at asal ng mga partisipante. Ito ay sumasagot sa mga tanong na paano, bakit at sumasagot sa isang *open-ended* na tanong. Dagdag pa rito, ang kalakasan ng isang kuwalitatibong pagsusuri ay ang kakayahan nitong ipaliwanag ang proseso at disenyo ng kilos na hindi ginagamitan ng numero (Brannan, 2020).

Ang kuwalitatibong pag-aaral ay gagamitin bilang metodo sa pag-aaral. Sapagkat, sa pananaliksik ay kinakailangan lamang ng maliit na bilang ng mga partisipante nakatuon lamang ang pagsisiyasat sa iba't ibang uri ng paksa na kaunti pang nasusuri. Bukod dito, hindi layunin ng pag-aaral na sukatin ang mga baryabol o subukan ang iba't ibang interbensiyon sa pamamagitan ng mga kaugnayang o eksperimental na mga paraan.

Ang kuwalitatibong pag-aaral na may dulog na *Multiple case study* ay maaring magamit sa pagsuri. Ang isang maramihang pag-aaral ng kaso o *multiple-case study* ay nagsasangkot ng pagsusuri ng maraming mga kaso, na mga *bounded system* o mga yunit ng pagsusuri. Ang bawat kaso ay maaaring kumatawan sa isang indibidwal, isang grupo, isang

organisasyon, o kahit isang kaganapan o penomenon. Ang layunin ng pagsasagawa ng maramihang pag-aaral ng kaso ay pataasin ang lawakat lalim ng pag-unawa sa pamamagitan ng paghahambing at pagkakaiba ng iba'tibang mga kaso. Ang pagsusuri sa ilang mga kaso ay nagbibigay ng mananaliksik upang siyasatin ang mga pagkakaiba-iba sa loob at labas ng mga kaso. Ang layuninng dulog na ito ay upang kumpirmahin ang mga resulta sa mga sitwasyon dahilmagkakaroon ng paghahambing, mahalaga na ang mga kaso ay dinidinig sa maingat na pagpili upang ang mananaliksik ay makasisigurado na ang maihahambing ang mga resulta sa kabuuan mga pangyayari, o ang magkasalungat na resulta ay mapagkakatiwalaan alinsunod sa isang pagsusuri (Yin, 2003).

Sa konteksto, ang kuwalitatibong pag-aaral na may dulog na *Multiple case study* ay maaring magamit sa pagsuri ukol sa naging karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino dahil sa layunin ng mananaliksik na suriin at unawain ang karanasan ng mga piling guro. Kaugnay nito, makatutulong ang multiple case study na ma-diskubre ang bawat kaso ng mga guro sa pamamagitan ng diretsong mga tugon mula sa mga piling partisipante sa mga tanong na inihanda ng mananaliksik. Bukod dito, ang disenyo na ito ay magbibigay ng kaalaman hinggil sa kung paano nalampasan ng mga partisipante ang mga hamon at mga pagsubok sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga nasa ika-unang baitang na mag-aaral.

**Mga Partisipante sa Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ang mga kalahok ay manggagaling sa iba't ibang pribadong paaralan sa lungsod ng Kapalong. Tatlong guro sa pribadong paaralan na nagtuturo ng mga mag-aaral na nasa ika-unang baitang. Ang mga tugon o sagot ng mga partisipante ay kukunin o makukuha sa pamamagitan ng pakikipanayam o interbyu. Pinili sila batay sa paraan ng *non-probability sampling*, partikular ang *purposive sampling*, ito ay isang pamamaraan na malawakang ginagamit sa kwalitatibong pag-aaral upang matukoy at pumili ng mga kaso namayaman sa impormasyon na mayroong espesyal na katangian o kahalagahan parasa pagsusuri batay sa layunin ng pananaliksik at ang kakayahan nito para sapinakamabisang paggamit ng limitadong mapagkukunan, tulad ng oras, salapi at pagod ng mananaliksik, ay maibabahagi nang epektibo at makakakuha ngkarampatang impormasyon (Patton, 2002). Ito ay nagsasangkot ng pagtukoy at pagpili ng mga indibidwal o grupo na may katangi-tanging kaalaman o karanasan saisang makabuluhang interes (Creswell et al., 2011).

Ang layunin ng *sampling* na ito ay ang pagpili ng mga kalahok na may tunay at mayamang karanasan sa propesyonal na pag-unlad. Kaya naman, ang pamantayan ng mga kalahok ay: (1) mga guro sa pribadong paaralan sa lungsod ng Kapalong at (2) mga guro na na nagtuturo ng wikang Filipino sa mga nasa ika-unang baitang na mag-aaral.

Bukod dito, tatlo (3) lamang ang napili na kalahok na ito, bawat isa ay kumakatawan sa isang natatanging kaso. Bukod pa rito, sila ay mga guro sa pribadong paaralan sa lungsod ng Kapalong na nagtuturo ng wikang filipino sa mga nasa ika-unang baitang na mag-aaral. Ang mga pamantayan sa pagpili ng mga kalahok ay ang mga sumusunod:

Ang unang kaso sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang guro sa kursong Edukasyong Elementarya na nagtuturo sa pribadong paaaralan ng *Saint Jude Academy of Mindanao Inc.*

Ang pangunahing tagapagbigay impormasyon sa kasong na ito ay ang kasamahan at matalik na kaibigan ng respondente. Sila ang magpapahayag sa hamon na kinakaharap ng kanilang kasamahang guro na nagtuturo ng wikang Filipino.

Ang pangalawang kaso sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang guro sa medyor Filipino na nagtuturo sa pribadong paaralan ng *Maryknoll School of Maniki*. Ang pangunahing tagapagbigay impormasyon sa kaso na ito ay ang kasamahan o kapwa guro ng respondente na katulad niyang medyor Filipino. Sila ang makapaglalahad sa mga suliranin na dinanas ng kanilang kasamahang guro na nagtuturo ng wikang Filipino.

Ang pangatlong kaso sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang guro sa kursong Edukasyong Elementarya na nagtuturo ng wikang Filipino na nagmula sa pribadong paaralan ng *Little Lamb Baptist Christian School of Gabuyan Inc*.Ang pangunahing tagapagbigay impormasyon sa pangatlong kaso ay ang kasamahan o kapwa guro ng respondente. Sila ang makakapagsabi ng mga suliranin na pinagdaanan ng kanilang kasamahang guro habang nagtuturo ng wikang Filipino sa mga nasa ika-unang baitang na mag-aaral at magbibigay kaalaman kung paano ito hinaharap ng respondente.

**Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Ang Ang mananaliksik ay gumamit ng mga sumusunod na hakbang sa pagkolekta ng datos sa pananaliksik: una, sa pamamagitan ng *purposive sampling technique* upang matukoy ang mga partisipante. Hinihiling sa kanila na basahin at maunawaan ang aming liham pahintulot bago sila pumirma. Ang mga liham na ito ay naglalaman ng mga kondisyon na nagpapahayag na ang pakikilahok ng partisipante ay boluntaryo at handa silang magbigay ng kanilang kaalaman na kinakailangan sa tagumpay ng pag-aaral na ito.

Pangalawa, ang mga kalahok ay bibigyan ng kaalaman ukol sa isinasagawang pag-aaral at hihimuking makiisa sa gagawing panayam bilang karanasan sa pangangalap ng datos. Ang proseso ay sisimulan sa isang introduksiyon, na kung saan mainit na tatanggapin ng mananaliksik ang lahat ng mga kalahok, babalangkasin at ilalahad ang layunin ng mangyayaring talakayan, at magtatakda ng hangganan at limitasyon at haba at tagal ng pagbabahagi at maingatan pa rin ang konpidensyalid.

Bukod pa rito, nagmumungkahi ng pagsasagawa ng mga panayam na may epektibong pagtatanong sa pamamagitan ng *face-to-face o online interview* at paggamit ng isang *cellphone* upang itala ang tugon ng mga kalahok. Ang mga naitalang datos ay isasalin ng mananaliksik at susuriin ayon sa mga prinsipyo ng *Thematic analysis* upang makuha ang mga umuusbong na tema. Ang mga temang ito ay ibibigay sa isang *data analyst* para sa pagpapatunay at pag-apruba.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Pag-aanalisa sa Datos**
Sa isinagawang pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng tematikong analisis sa pagtukoy, pag-analisa at pag-ulat sa datos upang pag-aralan ang proseso sa mga sagot ng mga partisipante upang malaman at maunawaan ng maayos (Braun at Clarke, 2006).

Sa sosyal na konstraksyon, ang pamamaraan sa pag-analisa ng datos ay isang diskurso bilang bahagi ng pagsasanay. Sa pag-aaral na ito, ang pag-analisa sa diskurso ng metodolohiya ay ginamit sa pag-analisa ng datos upang maintindihan ang kondisyon sa likod ng tiyak na problema Natutukoy ang bersyon sa kasiyahan at kaisahan sa pananaw ng mga partisipante at pagbabahagi ng lubos na kasagutan tungkol sa mga problemang kinakaharap Ang mananaliksik ay gumamit ng pagbabawas sa pag-analisa ng datos kung saan, tatanggalin ang mga impormasyon na hindi gaanong magagamit upang higit na maunawaan ng mambabasa ang datos. Ang pagsasayos sa tema, wastong proseso sa pag-angkop ng mga impormasyon sa tematikong analisis. Ang mananaliksik din ay hihingi ng tulong sa mga eksperto sa pag-analisa ng datos, pamamahala at pag-organisa sa maayos at madaling paraan (Mouton at Marais, 1991).

Gayunpaman, ang pamamaraang ito ay humihingi ng tulong ng isangdalubhasa na may partikular na interes sa paghawak, pag-uuri, at pag-aayos ngmalalaking datos upang maorganisa at mahusay na pamahalaan ang mga datos (Creswell, 2003). Kasama sa paglalahad ng impormasyon ang pangongolekta at paggamit ng datos. Ang pagbabawas ay hindi mapaghihiwalay dahil pinupunan nitoang nakaraang yugto. Higit pa rito, ang paglalahad ng impormasyon nang masorganisado at siksik na koleksyon ng impormasyon ay may layuning maunawaan angmga nakalap na impormasyon.

Bukod pa rito, ang pag-aayos ng datos ay nakatutulong na ayusin ang mga konsepto at kaisipan mula sa mga kalahok. Ang ikatlong hakbang ay upang gumuhit ng mga datos at konklusyon at upang mapadali ang pagsasaayos ng mga konklusyon sa isang kwalitatibong pag-aaral, inirerekomenda ang paggamit ng ilang mga punto. Kabilang dito ang: notasyon ng paksa at konteksto ng paglalarawan, lalo na kung magkapareho o magkasalungat ang mga ito; igrupo o tukuyin ang mga kategorya ng impormasyon na maaaring pagsama-samahin; tukuyin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga salik at mga *variable*; dapat makatutulong sa pagbuo ngkonseptwal na pagkakaugnay at pagkakaugnay, at sa huli ay isaalang-alang angbisa ng mga resulta na akma sa teoretikal na balangkas ng pag-aaral (Miles & Huberman, 1994).

**RESULTA**
**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 1: Ano-ano ang mga naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipinoo sa mga mag-aaral sa pribadong paaralan?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang malalim na pakikipanayam o *in-depth interview* sa mga kalahok. Limang *sub-question* ang tinanong sa tatlong kalahok. Ang mga ito ay nakatutulong upang mapalawak ang konsepto na may kinalaman sa mga karanasan at mga hamon na mapapansin at mga pananaw na maisisiwalat ng mga guro ng sa pribadong paaran lungsod ng Kapalong na nagtuturo ng wikang Filipino.

Ang pangunahing mga tema at pangunahing mga ideya para sa unang pangunahing tanong sa pananaliksik ay ipinakita sa talahanayan 2. Mula sa mga sagot ng mga kalahok sa pananaliksik, lumitaw ang tatlong pangunahing tema: Hamon sa Kasanayan ng Mag-aaral sa salitang Ingles, Suliranin sa Pagpapaintindi Dahil sa Pangangailangang Isalin ang mga Salita at Nahihirapan sa Pagtuturo sa Hindi Paggamit ng Wikang Filipino.

**Talahanayan 1**
**Karanasan ng mga Guro sa Pribadong Paaralan sa Pagtuturo ng wikang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Hamon sa Kasanayan ng Mag-aaral sa Salitang Ingles** | • *“Bilang isang guro,ang naging hamon ko sa pagtuturo ng wikang Filipino ay yung mga bata ay sanay sa paggamit ng wikang Ingles.”* (CP_01)<br>• *“Ang unang na obserbahan ko na naging hamon niya ay may mga bata na sanay na gumamit ng wikang Ingles sapagkat iyon ang unang lenggwahe nila sa kanilang tahanan at sanay na sila na ito ang kanilang ginagamit sa pagkokomunikasyon sa kanilang magulang kaya nahihirapan siya na makikipag komunikasyon sa mga bata.”* (CI_01) |

| | |
|---|---|
| | • *"Bilang isang guro sa Filipino mahirap turuan ang mga mag-aaral sa isang pribadong paaralan sapagkat nakasanayan nilang gamitin ang wikang Ingles."* (CP_02)<br>• *"Napansin ko na si ma'am talaga ay minsan nahihirapan sa pagtuturo sa mga nasa ika-unang baitang pagdating sa wikang Filipino kasi yung mga bata mas ginagamit nila a sa pagsasalita ang wikang Ingles."* (CI_02)<br>• *"Mga hamon sa pagtuturo ng wikang Filipino hindi siya madali ituro sa mga bata sa pribadong paaralan kasi yung mayroong mga bata na ang kanilang kinagisnang wika ay ingles kaya mahirap talaga."* (CP_03)<br>• *"Isa sa mga hamon niya sa pagtuturo ng wikang filipino ay ang pagpapaliwanag sa kanila sa mga leksyon lalong lalo na kung ang mga salitang* ahh *ginagamit ay mga malalim na filipino kasi nga yung mga bata salitang Ingles ang ginagamit."* (CI_03) |
| **Suliranin sa Pagpapaintindi ng mga Salita** | • *"Ang aking suliranin sa pagtuturo ng wikang Filipino ay ang pagpapaintindi sa mga mag-aaral yung mga nahihirapan sila sa ibang salita at kailangan pa itong isalin sa wikang Ingles para mas lalo pa nilang maintindihan at mauunawaan."* (CP_01)<br>• *"Nasabi ko kanina na nahihirapan siya sa pagkokomunikasyon sa mga bata na sanay sa wikang Ingles,isa na suliranin niya na hinarap ay yung mga bata ay hindi marunong gumamit sa wikang Filipino, may alam pero kaunti nahihirapan din siya sa pagpapaintindi sa kanila kung ano ang ibig sabihin ng salita na tinituro niya.* (CI_01)<br>• "Suliranin kung paano ipa-iintindi o bigyan ng salin ang lahat ng salita na ituturo sa kanila." (CP_02)<br>• *"Siguro isa sa mga naging suliran in niya ay ang pagpapaiintindi sa ang mga salitang nahihirapan na itindihin ng mga bata kasi hindi sila marunong gumamit ng wikang Filipino."* (CI_02)<br>• *"Mga balakid siguro hindi lahat bata nagsasalita ng wikang Filipino may mga malalim na mga salita ng Filipino na kailangan mo pang ipaliwanag o isalin mo sa wikang Ingles at Bisaya para mas maintindihan."* (CP_03)<br>• *"Ang balakid ni ma'am sa pagtuturo ng wikang filipino ay ang tinatawag na language barrier kasi ang ibang mga bata ay mas nakakaintindi kung wikang Ingles ang gagamitin sa pagtuturo kaya hindi talaga sila nagsasalita ng wikang Filipino minsan ay kailagan pang isalin ni maam ang mga salita na hindi naiiintindihan ng mga bata."* (CI_03) |
| **Nahihirapan sa Pagtuturo sa Hindi Paggamit ng Wikang Filipino** | • *"Ang naging balakid na hinarap ko sa pagtuturo ng wikang Filipino ay ang mga mag-aaral ay hindi marunong magsalita sa pagkokomunikasyon sa wikang Filipino o hindi nila ito ginagamit ngunit hindi naman sila gaanong mahirap na turuan dahil isinasalin ko ito sa Bisaya at Ingles at handa naman silang matuto".* (CP_01)<br>• *"Isa sa mga balakid na hinarap ni ma'am ay ang pagkokomunikasyon sa bata kasi hindi masyadong nagkakaintindi ng Filipino pero marunong magbisaya,ang maganda diyan ay ang bata ay handang matuto sa kaunting oras lang,madaling matuto ang bata kasi handa sila talagag matuto."* (CI_01)<br>• *"Ang naging balakid ko sa pagtuturo ay ang hindi nila paggamit ng wikang o hindi pagsasalita ng Filipino sa oras ng klase sa asignaturang Filipino."* (CP_02)<br>• *"Ang napansin ko na naging balakid ni ma'am sa pagtuturo ng wikang Filipino ay walang alam yung mga bata sa paggamit o hindi sila marunong sa pagsasalita ng wikang Filipino."* (CI_02) |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 2: Paano hinaharap ng mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga nasa ika-unang baitang na mag-aaral?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang malalim na pakikipanayam o *in-depth interview* sa mga kalahok. Limang sub-question ang tinanong sa tatlong kalahok. Ang mga ito ay nakatutulong upang mapalawak ang konsepto na may kinalaman sa mekanismo ng pagharap sa mga hamon na mapapansin o maisisiswalat ng mga guro sa pribadong paaralan sa lungsod ng *Kapalong* tungkol sa kanilang pagtuturo sa wikang Filipino na nasa ika-unang baitang

Sa Talahanayan 2. ipinakita ang mga pangunahing tema na umusbong at pangunahing ideya para sa tanong sa pananaliksik bilang 2. Ang mga kalahok ay nagbigay ng kanilang mga sagot tungkol sa kanilang karanasan na may kinalaman sa napagtagumpayan nila sa pagharap sa mga hamon. Mula sa mga tugon ng mga impormante, tatlo ang mga pangunahing tema ang umusbong: pagiging handa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino at pagkaroon ng kahalagahan ng motibasyon ng guro sa pagtuturo.

**Talahanayan 2**
**Mapatagumpayan ng mga Guro sa Pribadong Paaralan sa Pagharap ng kanilang mga Hamon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Handa Sa Pagtuturo Ng Asignaturang Filipino** | • *“Bilang isang guro sa unang baitang dapat ay may mga sandata kang gagawin o gagamitin para sa iyong mga mag-aaral na nahihirapan sa wikang Filipino at dapat lagi tayong handa sa lahat ng mga pagsubok o hamon at haharapin natin ito ng buong-buo.”* (CP_01)<br>• *“Bilang isang guro, alam naman natin na kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya sa loob ng silid-aralan kahit hindi pa tayo marunong ay kailangan aaralin natin yan. Sa kaso ni ma’am tulad ng sinabi ko,handa siyang mag-aral kapag may mga bagay na hindi pa niya alam kaya humihingi siya ng gabay sa ibang mga guro. Pagdating naman sa mga leksyon ay nag rerebyu tapos palagi niyang ginagabayan ang mga bata kaya handa talaga si ma’am.Bilang isang guro, handa siyang mag-aral kaya hindi lang siya guro, mag-aaral din siya.”* (CI_01)<br>• *“Hinarap ko ang mga hamon sa pagtuturo sa tulong ng mga libro sa Filipino na makakatulong sa mga mag-aaral at pati na rin sa akin kaya bilang isang guro dapat handa tayo palagi sa pagharap ng mga hamon.”* (CP_02)<br>• *“Hinarap niya ang kanyang mga hamon sa pamamagitan ng pagbasa ng mga libro na konektado sa Filipino para maibahagi niya ito sa mga mag-aaral tapos hinarap niya ito sa tulong ng paghahanda ng mag materyales na tiyak na makakadagdag ng kaalaman ng mga mag-aaral.”* (CI_02)<br>• *“Sa unang pagtuturo mo, hindi mo pa agad maibibigay sa bata kung ano talaga ang kailangan nila o makita kaagad kung ano ang mga pangangailangan nila. Siguro sa mga susunod na leksyon, kailangan mo talagang paghandaan at pag-aralan dapat bilang guro, alam mo kung anong leksyon ang dapat ituro sa kanila.”* (CP_03)<br>• *“Hinarap niya ang mga hamon sa pagtuturo ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pag-aaral nang maaga ng leksyong ituturo. Dapat din na handa ka pisikal, mental at emosyonal na aspeto.” (*CI_03) |
| | • *Ang aking motibasyon talaga upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board examination ay ang aking pamilya. Sila ang nagbibibay sa akin ng lakas upang malampasan ko ang mga pagsubok sa dahil sa kanila, na nagkaroon ako ng motibasyon sa pag-aaral.” IDI-01* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Suporta mula sa Pamilya** | • *Bilang isang pamilya aming pinaparamdam ang aming suporta upang maging matatag siya at malampasan niya ang mga hamon na kanyang haharapin sa pagkuha ng board exam." IDI-02*<br>• *Unang-una talaga ay suporta mula sa pamilya, dahil matanda na sila kaya kailangan kong makatulong sa kanilang pagsasakripisyo para lang maibigay nila ang aking mga pangangailangan upang maging isang ganap na guro." IDI-03*<br>• *Para sa akin, tunay na ang kaniyang pamilya ang naging malaking suporta sa kanyang paghahanda para sa board examination. Makikita ko talaga kung gaano siya minamahal at sinusuportahan ng kanyang pamilya. May mga pagkakataon kapag magkasama kami palaging tumatawag ang kanyang pamilya upang magtanong kung na sa mabuti ba na kalagayan ang kanilang anak." IDI-04* |
| **Paggamit ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino** | • *"Ang aking estratehiya at kailangan kong ulit-ulitin ang mga salitang nahihirapan nilang intindihin at unawain kailangan ko din itong isalin sa wikang bisaya at wikang ingles para hindi sila mahihirapan at para madaling mauunawaan."* (CP_01)<br>• *"Isa sa mga estratehiya niya sa pagtuturo ng Filipino ay ang palaging pag-uulit ng mga salita kung saan nahihirapan ang mga bata para mas madali nilang maunawaan. Minsan, ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsasalin mula sa Bisaya tapos isasalin naman sa Ingles at isasalin naman sa Filipino."* (CI_01)<br>• *"Ang pamamaraan o estratehiya ko sa pagtuturo ng wikang Filipino ay paggamit ng mga kaalaman ko at libro sa paaralan."* (CP_02)<br>• *"Ang estratehiya na nakita kong ginawa niya ay paggamit niya sa kaniyang kaalaman sapagkat nakapagtapos siya sa kursong mayoryang Filipino kaya may alam talaga siya pagdating sa wikang Filipino."* (CI_02)<br>• *"Sa pagtatalakay sa wikang Filipino,maaari mong ipasadula ang mga aralin na inyong tinalakay upang mas maunawaan ng inyong mga mag-aaral kung paano gamitin ang wikang Filipino at mas maintindihan nila ang mga aralin sa asignaturang ito.*" (CP_03)<br>• "Ang mga paraan o estratehiya na maaaring gamitin ay ang paggamit ng mga larawan ng mga bagay para mas madaling maintindihan ang leksyon at isa ring paraan ay ang pagsasadula at ang pagsasalin ng mga salita mula Filipino sa Ingles." (CI_03) |
| **Pagkaroon Ng Motibasyon Sa Pagtuturo** | • *"Ang aking motibasyon ay yung mga mag-aaral ko kaya kailangan kong maglaan ng panahon at mataas na oras at pagsisikap kung ibahagi sa kanila sa kanilang utak ang wikang filipino at hindi dapat ipagwalang bahala sa ating mga paaralan at dapat itong tutukan sa pribadong paaralan."* (CP_01)<br>• *"Base sa napansin ko ang naging motibasyon ni ma'am ay yung mga bata. Kapag natuto na yung mga bata ay yun tagumpay para sa iyo,kaya kapag nakikita mo na may natutunan sayo yung bata magkakaroon ka ng tiwala sa kakayahan mo sa pagtuturo."* (CI_01)<br>• *"Bilang isang guro, nais mo na matuto ang iyong mga estudyante sa mga aralin na itinuturo mo sa kanila lalo na sa wikang Filipino dahil ang wikang ito ay mahalaga bilang wika ng mga Pilipino.Nais mong turuan sila upang matuto at makapagkomunikasyon para sa hinaharap ay makapag-usap sila sa ibang tao, halimbawa kapag sila ay pumunta sa ibang lugar."* (CP_03)<br>• *"Ang naging motibasyon niya ay ang kagustuhang may matututunan ang mga bata..Lalong lalo na sa salitang Filipino para sa ganon ay magamit nila ito saan man sila magpunta."* (CI_03) |

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 3: Ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa earners at sa pangkalahatan?**

Ang pangunahing tema at pangunahing ideya para sa tanong sa pananaliksik bilang 3 ay ipinakita sa talahanayan 3. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong pangunahing tema ang umusbong: pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kinakailangan, kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera at maiging paghahanda ay kinakailangan. Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga tema at pangunahing ideya ukol sa pananaw ng mga education eaners ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST) na kabilang sa BSOA; BSBA; AT BPA na tungkol sa kanilang pagkuha ng board examination.

**Talahanayan 3**
**Pananaw ng mga Guro sa Pribadong Paaralan sa Pagtuturo ng Wikang Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagbibigay Halaga sa Wikang Fiipino** | • *"Napagtanto ko na dapat huwagg nating baliwalain ang wikang Filipino na ating kinagisnan na dapat ay mas malalim pa ating kaalaman at mapahusay ang ating bokabularyo sa mga salitanf mahirap ipaliwanag sa mga mag-aaral."* (CP_01)<br>• *"Naniniwala ako na napagtanto na ni ma'am na mahalaga na bigyan natin ng halaga ang wika na ating kinagisnan. Hindi natin dapat balewalain ang wikang Filipino dahil ito ang nagrerepresenta ng ating pambansang pagkakakilanlan. Dahil tayo ay Pilipino, kailangan nating bigyan ng importansya ang ating wika na pinagmulan dahil ito ang nagpapalawak at nagpapahusay ng ating kaalaman. Nagbibigay din ito ng mga salita na ginagamit natin sa pakikipag-usap sa ating kapwa Pilipino."* (CI_01)<br>• *"Napagtanto ko ay kinakailangan pang matutukan ang pagtuturo sa wikang Filipino sa mga mag-aaral dahil ito ay ating pambansang wika kaya dapat na pahalagahan at ituro ito sa Kabataan."* (CP_02)<br>• *"Ang napagtanto siguro ni maam ay dapat na pahalagahan ang wikang Filipino lalong-lalo na ito ay ang ating pambansang wika kaya dapat ituro at ipaunawa ito sa kanila ng sa ganon ay may kaalaman sila pagdating sa kanilang sariling wika."* (CI_02) |
| **Pagpapalaganap ng Wikang Filipino** | • *"Ang nais kong ibahagi sa aking mga kapwa guro ay ang kahalagahan ng pagpapalalim sa bokabularyo at pag-unawa sa mga salitang mahirap intindihin o ipaliwanag sa pagtuturo ng wikang Filipino sa pribadong paaralan. Dapat din nating mas paigtingin ang pagpapalaganap ng wikang Filipino."* (CP_01)<br>• *"Isa lang ang masasabi ko kailangan mong magsumikap, kailangan mong maunawaan ang lenggwahe at wika, at kailangan mong isapuso lahat ng iyong natutunan mo kasi pag hindi mo ito initindi at hindi mo talagang binigyang pansin wala rin tayong makukuha bilang kapalit kaya hanggat maaari ipalaganap natin ito."* (CI_01)<br>• *"Kahit mahirap turuan ang mga mag-aaral, huwag lang silang sukuan. Ituro natin ng wasto ang pagpapahalaga ng wikang Filipino at ipalaganap kasi wika natin ito."* (CP_02)<br>• *"Ang mga aral na nais kong ibahagi sa mga guro na nagtuturo ng wikang Filipino ay ituro talaga natin ito,ipaunawa tapos gumawa tayo ng mga pamamaraan na maka matuto yung mga mag-aaral sa atin ,wika natin ito kaya dapat ipalaganap lalong-lalo na sa mga mag-aaral."*(CI_02) |
| **Kahalagahan ng Pagkakaroon ng Estratehiya sa Pagtuturo** | • *"Epektibo ang aking ginawang estratehiya dahil may natututunan na ang mga bata. Halimbawa, sila ay nakikilahok na sa mga talakayan at nakikipag-usap gamit ang wikang Filipino, kahit paunti-unti.*" (CP_01)<br>• *"Malalaman mo lamang kung epektibo ang mga estratehiyang ginamit mo kung ang bata ay natuto, sumasagot sa iyong mga tanong, at aktibong nakikilahok sa iyong klase. Iyan ang pinakamahusay na patunay kung epektibo nga ang iyong ginawa."* (CI_01)<br>• *"Masabing epektibo ang ginawa kong estratehiya sapagkat sa katapusan ng kaninamin, kahitkatapusan ng school year naming ay kahitt konti natuto na silang magsalita at paggamit ng wikang Filipino.*" (CP_02) |

| | |
|---|---|
| | • "*Bilang guro siyempre makikita mo sa mga bata na natutunan nila ang mga tinuturo sapagkat makikita mo silang nagsasalita ng wikang Filipino o nakapagbibigay sila ng mga pangungusap na gamit ang Filipino*." (CP_03) <br> • *"Masasabi ko na epektibo ang aking estratehiya sa pagtuturo ng wikang filipino kung ito ay ang kanilang lubos na naintindihan o nauunawaan. Hindi lang hanggang diyan, kundi ito ay kanilang magagamit sa kanilang pang araw-araw na pakikipagkomunikasyon o nagagamit nila ang wikang Filipino sa pagsasalita."* (CI_03) |
| **Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Edukasyon** | • *"Ang maipapayo ko sa aking kapwa guro ay ang hindi kalimutan at pahalagahan ang pagtuturo ng pambansang wika na Filipino sa mga mag-aaral. Mahalaga na ito ay ituro sa kanila upang hindi sila mahirapan kapag dumating ang tamang panahon,dapat tayong laging handa sa lahat ng oras at palaging may malawak na kaalaman, dahil ito ang mga sandata natin na dapat bigyang-pansin."* (CP_01) <br> • *"Sa mga guro na tunay na nagtuturo ng asignaturang Filipino, ang suhestiyon ko ay para hindi natin malimutan ang wika at upang mas palawakin pa ang paggamit nito laging tandaan na ituro ito nang maigi sa mga bata. Hangga't maaari, gamitin ang wika sa pakikipagkomunikasyon sa kanila at patuloy na silang turuan sa pagsasalita ng wikang Filipino."* (CI_01) <br> • *"Ang maipapayo ay ituro ang dapat ituro sa mga bata, turuan ng maayos para matuto ng wikang Filipino at magamit nila sa pagkokomunikasyon."* (CP_02) <br> • *"Ang suhestiyon ko sa mga guro na nagtuturo ng wikang Filipino ay dapat ituro natin ang wikang Filipino ng wasto at dapat tayo rin mismo bilang guro ginagamit natin ang wikang Filipino sa pagkokomunikasyon para yung mga bata gamitin din nila ang wikang Filipino kasi naririnig din nila na tayo ay nagsasalita rin ng Filipino."* (CI_02) |

## DISKUSYON

**Mga Karanasan ng mga Guro sa Pribadong Paaralan sa Pagtuturo ng Wikang Filipino.** Sa puntong ito, pagkatapos nang pagkuha ng mga datos at pagsusuri, siniguro ng mananaliksik na isama ang iba't ibang mga awtors at proposisyon mula sa iba't ibang may-akda at mga espesyalista na sumusuporta sa iba't ibang tema na lumabas mula sa resulta ng pagsusuri sa mga datos na nakolekta mula sa mga kalahok. Ang mga temang ito ay nagkaroon ng hamon sa kasanayan ng mag-aaral sa salitang ingles, suliranin sa pagpapaintindi ng mga salita at nahihirapan sa pagtuturo sa hindi paggamit ng wikang Filipino.

Ang unang tema ng pag-aaral ay naglantad na ang mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino ay **hamon sa kasanayan ng mag-aaral sa salitang ingles.** Ang lahat ng mga kalahok sa bawat kaso ay umamin na nagkakaroon sila ng malaking hamon sa kasanayan ng mag-aaral sa salitang Ingles sa pagtuturo. Sa kanilang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga nasa ika-unang baitang ay nagkaroon talaga ng hamon sa kadahilanan ang mga mag-aaral ay mas sanay at bihasa sa paggamit ng wikang Ingles.

Sa pag-aaral ni Mangcalas et al. (2019), na ang guro sa pribadong paaralan ay nagharap ng mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay mas bihasa sa Ingles. Ang paggamit ng Ingles sa tahanan ay nagdudulot ng pagkalito sa estudyante sa loob ng silid-aralan. Para malampasan ito, gumagamit at nagpapatupad ang guro ng mga iba't ibang estratehiya tulad ng *code-switching* at *visual aids* upang mas epektibong maituro ang Filipino. Ang mga hakbang na ito ay nagpapakita ng dedikasyon at determinasyon ng mga guro sa pagpapalaganap ng Wikang Filipino at sa pagtuturo nito sa mag-aaral na mas sanay sa paggamit ng Ingles.

Bilang karagdagan, ayon kay Derasin (2024), ang karanasan ng guro sa pribadong paaralan sa Pilipinas na nagtuturo ng wikang Filipino ay nakatuon sa mga hamong dulot ng kasanayan ng mga estudyante sa Ingles. Nasaksihan na mas gustong gamitin ng maraming mag-aaral ang Ingles, na maaaring magpababa ng kanilang interes at pakikilahok sa pag-aaral ng Filipino. Para ito'y masolusyonan, ang mga guro ay kinakailangang gumamit ng mga pagpapalit-wika at pagsasalin upang mapunan ang agwat sa pagitan ng dalawang wika na nagpapahirap sa pagsasagawa ng mga aralin. Bukod dito, ang pagsasama ng teknolohiya sa pagtuturo ng wika ay nagdudulot ng parehong pagkakataon at hamon, dahil ang isang guro ay kailangang umangkop sa magkakaibang lingguwistikong pamamaraan at iba't ibang antas ng digital na literasiya ng mga estudyante. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangan para sa

mga naaangkop na estratehiya sa pagtuturo upang epektibong matugunan at mapahusay ang karanasan sa pagkatuto ng mga estudyante.

Ang pangalawang tema na umusbong ay **suliranin sa pagpapaintindi ng mga salita**. Isiniwalat din ng tatlong partisipante na sa kanilang paglalarawan na isa sa mga naging suliranin nila sa pagtuturo ng wikang Filipino ay ang pagpapaintindi nito at pagsasalin sa mga salita bago ito maiintindihan ng mga mag-aaral.

Naka-angkla ito sa pananaw sa pananaliksik ni David (2020), ang pagtuturo ng Filipino sa pribadong paaralan ay nagdadala ng mga natatanging hamon, partikular sa pagpapaintindi ng konsepto at salita sa mga estudyanteng higit na bihasa sa Ingles. Ang mababang antas ng paggamit ng Filipino sa pang-araw-araw na komunikasyon ng mga mag-aaral ay nagreresulta sa isang *language barrier* sa loob ng silid-aralan. Kaya ang kadalasang gawin ng guro na maglaan ng mas mahabang oras sa pagpapaliwanag ng mga salita o halinhinang paggamit ng Ingles at Filipino upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Ang ganitong kalakaran ay nagpapabagal hindi lamang sa takbo ng pagtuturo kundi nagdudulot din ng pagkakahati ng atensyon ng mga mag-aaral, lalo na sa mga paksang mas komplikado at nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa.

Samantala ayon kay Reyes (2020), ang hindi sapat na interes sa wikang Filipino ay nakakaapekto sa kakayahan ng mag-aaral na makakuha ng kaalaman. Ayon sa kaniyang pananaliksik, karamihan sa mga estudyanteng mula sa pribadong paaralan ay hindi lubos na naitatanim sa kanilang isipan ang halaga ng wikang Filipino sa araw-araw na konteksto ng kanilang buhay. Dahil dito, ang guro ay nagiging tagapamagitan ng kulturang Filipino sa kanilang mag-aaral at kailangang maglaan ng karagdagang pagsisikap upang maging mas makahulugan ang pagtuturo ng wika at kinakailangang maging mas mapamaraan at sensitibo sa paggamit ng iba't ibang metodolohiya para matagumpay na maituro ang wika.

Ang pangatlong tema na umusbong ay ang **nahihirapan sa pagtuturo sa hindi paggamit ng wikang filipino,** umusbong naman ang temang ito sa dalawang partisipante batay sa kanilang karanasan sa kanilang pagtuturo sa wikang Filipino, na siyang binanggit nina Negosyante (palayaw) at Binibini(palayaw) na nahihirapan sila sa pagtuturo sa mag-aaral sa kadahilanang hindi paggamit ng mga mag-aaaral ng wikang Filipino.

Ayon sa isang pananaliksik ni De Juan (2013), na isa sa mga karanasan na nahihirapan ang guro sa pagtuturo ng wikang Filipino ay ang pagbibigay ng higit na pansin ng mag-aaral sa wikang Ingles, kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral ng bokabularyo at hindi paggamit nito pagdating sa wikang Filipino at kung saan mas nangingibabaw ang paggamit ng wikan Ingles bilang pangunahing wika. Ang sitwasyong ito ay nagpapahirap sa guro na maipatupad ang layunin ng kurikulum na palakasin pagggamit ng sariling wika. Bukod dito, nagiging hamon para sa mga guro ang pagtuturo ng konsepto at aralin sa Filipino dahil hindi ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral ang wika. Mayroon ding mga posibleng solusyon ang mga ito sa pamamagitan ng madalas na pagbabasa ng diksyunaryong Filipino para madagdagan pa ang bokabularyo sa Filipino, ang pag-iwas sa paggamit ng wikang Ingles ng guro at mag-aaral sas asignaturang Filipino, at ang paglalaan ng paggawa ng proyektong mas binibigyang-pansin na wikang Filipino at Panitikan.

Ayon kina Buhisan et al. (20024), ang mga guro sa medyor Filipino ay nagkaroon ng kahirapan sa pagtuturo ng Filipino lalong-lalo na sa mga estudyanteng kumukuha ng kursong Filipino sa kadahilanang limitado lamang ang kaalaman ng mga mag-aaral pagdating sa Filipino. Sa kabila ng mga hamon na ito ay ang guro ay nagpapakita ng malilikhaing pamamaraan at diskarte sa pagtuturo upang tugunan ang natatanging pangagailangan ng kanilang mga mag-aaral. Nakikipagtulungan sila sa kanilang kapwa guro, nagbibigay gabay at pagbabahagi ng mga pinakamahusay na kasanayan para malampasan ang mga kahirapang ito at maging matagumpay at epektibo ang pagkakatuto ng wikang Filipino.

**Paano Hinarap at Nalagpasan ng mga Guro sa Pribadong Paaralan ang mga Hamon sa kanilang Pagtuturo ng Wikang Filipino.** Sa puntong ito, tinanong ng mananaliksik ang mga kalahok tungkol sa kanilang mga hamon na kanilang hinarap mula sa kanilang pagtuturo sa wikang Filipino at sa kung paano nila ito hinarap, ang mananaliksik ay bumuo ng tatlong pangunahing tema na mula sa mga tugon ng mga impormante: handa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino, pagkakaroon ng epektibong pagtuturo at pagkaroon ng kahalagahan ng motibasyon ng guro sa pagtuturo.

Ang unang tema ng pag-aaral ay naglantad na ang mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino ay ang **Handa sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino**. Ito ay ipinahayag sa panahon ng pagsasagawa ng pag-aaral ng tatlong partisipante ay nagbahagi kung paano nalagpasan at hinarap ang mga naging hamon na naranasan sa pagtuturo ng wikang Filipino at ito ay ang pagiging handa sa pagtuturo ng wikang Filipino

Ayon sa isang pag-aaral ni Fernandez et al. (2013), ang ng kahandaan sa pagtuturo ay isang napakahalagang katangian na dapat taglayin ng isang guro. Malaki ang papel ng guro sa tagumpay ng isang mag-aaral kaya't nararapat lamang na siya ay maging sapat na handa sa kanyang pagtuturo. Ang pagiging handa ng guro sa lahat ng aspeto ng kanyang pagtuturo at pagiging guro ay isa sa mga pinakamahalagang katangian na dapat niyang taglayin. Kung ang guro ay hindi handa, maaaring hindi niya magampanan ang kanyang mga responsibilidad. Ang guro na handang magturo at magbahagi ng kaalaman sa kanyang mga mag-aaral ay mas nagiging epektibo sa pagtataguyod ng magandang relasyon sa pagitan ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa pananaliksik din ni Benito (2023), Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, mahalaga na ang guro ay may malalim na kaalaman sa wika at handang ituro ito. Dapat din siyang nakapagtapos ng kursong edukasyon at patuloy na nagpapalawak ng kanyang propesyonal na kasanayan sa pamamagitan ng pagkuha ng *Master's degree* sa Edukasyon na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

may espesyalisasyon sa Filipino. Mahalaga rin ang pagdalo sa mga seminar at pagkakaroon ng malawak na pang-unawa sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral. Bukod dito, kinakailangan na ang guro ay may sapat na kaalaman hindi lamang sa wika kundi pati na rin sa epektibong paggamit ng mga angkop na kagamitan sa pagtuturo upang mas maging matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pangalawang tema na umusbong ay **paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino.** Binigyang-diin ng tatlong kalahok na sa kanilang pagtuturo ng wikang Filipino ay gumawa sila ng mga estratehiya o pamaraan para mas maturuan pa nila ang kanilang mag-aaral na mapalalim pa ang pag-unawa pagdating sa kanilang sariling wika o sa wikang Filipino.

Sa pag-aaral ni Ruedas at Abad (2001), ang unang hakbang sa anumang pagsisikap na ituro ang Filipino sa ating mga paaralan ay ang pag-unawa sa kalikasan at pagkakaiba-iba ng mga estudyante. Mahalaga ring magkaroon ng malalim na kaalaman tungkol sa proseso ng pagkatuto ng wika, maging ito man ay unang wika o pangalawang wika, at ang mga hakbang na kasangkot sa pagkatutong ito. Ang pagtuturo ng wika ay hindi lamang nagaganap sa pamamagitan ng pagbibigay ng maraming karanasang pangwika sa loob ng silid-aralan. Kinakailangan ng guro ang natatanging kasanayan at intuwisyon, lalo na kung ang tinuturuan ay mga mas batang mag-aaral. May limang pangunahing kategorya na may kaugnayan sa paglaki at pag-unlad ng mga mag-aaral na makakatulong sa guro sa pagpili ng mga praktikal na teknik at estratehiya sa pagtuturo ng wika. Ang mga ito ay Intelektwal na Pag-unlad, Tagal ng Pagkawili *(Attention Span*), Pagpapakilos ng iba't ibang Pandamdam (*Sensory Input),* Mga Salik na Apektibo *(Affective Factors)*, at Awtentiko at Makabuluhang Wika.

Gayunpaman, sa pag-aaral din nina Acebas et al. (2024), na ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay mahalagang kilalanin ng mga guro ang bawat indibidwal na mag-aaral upang mas maunawaan at matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ito ay upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral at maging epektibo ang tungkulin ng guro na may iba't ibang mahahalagang papel sa silid-aralan. Ang guro ay nagbibigay ng liwanag at may malalim na responsibilidad sa pagtuturo. ng guro ay kinakailangang may taglay at kakikitaan ng halimbawa bilang magandang modelo na may magagandang katangian na kakikitaan at magagaya ng kanyang mga mag-aaral ng sa gayon ay maging daan upang mas lalong mapag-ibayo ng estudyante ang kanyang pagpapahalaga sa asignatura batay sa kung anong mga magagandang impluwensya ng naidudulot ng guro sa kanyang pagtuturo ayon sa konteksto ng asignatura.

Ang pangatlo na temang umusbong ay ang **pagkaroon ng kahalagahan ng motibasyon sa pagtuturo**, ipinabatid din nina Negosyante (palayaw) at Malikhain(palayaw) na ang naging motibasyon nila para magpatuloy sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kabila ng mga hamon na naranasan ay ang kagustuhan nilang may matutunan ang mga mag-aaral. Kaya napakahalaga ng pagkakaroon ng motibasyon sapagkat isa ito sa mga paraan para mapahusay pa lalo ang pagtuturo.

Ayon sa isang pag-aaral ni Johnson (2017), na ang motibasyon ng mga mag-aaral ay may epekto sa kanilang pag-aaral. Kahit mayroon silang likas na kakayahan sa pagkatuto, mahalaga ang papel ng mga guro sa kanilang partisipasyon. May pagkakataon na maaaring mawalan ng enerhiya, determinasyon, at sigla ang mga mag-aaral sa isang paksa o gawain, kaya kailangan nila ng patuloy na suporta mula sa ibang tao. Karaniwan, ang mga guro ang nagbibigay ng suporteng ito at nagtatag ng isang magandang kapaligiran na magpapalago sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakikita ang papel ng mga guro sa pagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang pagbuo ng autonomiya, kaugnayan, kasanayan, interes, at tiwala sa sarili ng mga guro sa pagtuturo ng kanilang asignatura.

Sa isang pag-aaral, natuklasan ni Jang et al. (2012), na nagpapakita ng kahalagahan ng motibasyon ng mga guro sa paghubog ng akademikong pagganap, *self-efficacy* at *self-regulation* ng mga mag-aaral. Ang mga guro na may mataas na motibasyon ay hindi lamang nagpapabuti ng kalidad ng edukasyon kundi nagbibigay rin ng inspirasyon at gabay sa kanilang mga mag-aaral upang maging mas mahusay na indibidwal.

**Ano-ano ang mga Napagtanto ng mga Guro sa Pribadong Paaralan sa Pagtuturo ng Wikang Filipino.** Matapos kunin at pag-aralan ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok, lumantad na ang mga guro sa pribadong paaralan ay may iba't ibang mga pananaw o napagtanto sa kanilang pagtuturo ng wikang Filipino. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, apat na pangunahing tema ang umusbong: pagbibigay halaga sa wikang Fiipino, pagpapalaganap ng wikang Filipino, kahalagahan ng pagkakaroon ng estratehiya sa pagtuturo at kahalagahan ng pagtuturo ng wikang Filipino sa edukasyon.

Ang unang tema ng pag-aaral ay naglantad sa mga napagtanto ng mga guro sa **pagbibigay halaga sa wikang Fiipino**, ipinahayag ng dalawang partisipante na sina Negosyante (palayaw) at Binibini (palayaw) na ang kanilang mga napagtanto ukol sa naging karanasan sa pagtuturo ng wikang Filipino na dapat bigyang halaga ang wikang Filipino sapagkat ito ang pambansang wika ng bansa.

Ayon sa pag-aaral ni Valdez et al. (2019), mahalaga ang wika ng isang bansa, tulad ng Wikang Filipino. Maraming naniniwala na mas mahalaga ang Wikang Ingles dahil ito ang pangunahing wika na ginagamit sa iba't ibang panig ng mundo. Gayunpaman, para sa mga Pilipino at sa mga taong nakakaalam ng kahalagahan ng Wikang Filipino, ito ang sumasalamin sa ating pagka-Pilipino. Naniniwala rin silang posible ang pag-unlad ng bansa kahit sariling wika lamang ang gamitin. Ang sariling wika ay mahalaga at kinakailangan dahil ito ang ginagamit sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan ng bawat mamamayan. Ang Wikang Filipino ay may mahalagang papel hindi lamang sa lokal na antas kundi pati na rin sa pambansang pagkakaisa at pag-unlad. Ang pagtanggap at

pagpapahalaga sa sariling wika ay makakatulong sa mas matagumpay na pag-unlad ng bansa.

Bilang karagdagan, ayon kay Ventoso (2018), ang pagpapahalaga sa wikang Filipino ay katumbas ng pagpapahalaga sa pagiging Pilipino. Ang wika ay sumasalamin sa kilos at mga desisyon ng tao. Madaling sabihin na "pinahahalagahan ko ang aking wika," ngunit madalas ay hindi ito nakikita sa ating mga gawa. Maraming paraan upang ipakita ang ating pagpapahalaga sa wika, isa na rito ang pag-aaral nito. Dahil ang wika ay ginagamit bilang midyum sa pagsusulat, pagbasa, at pag-unawa ng mga aralin, lalo na sa asignaturang Filipino, nararapat lamang na seryosohin ang sistematikong pag-aaral ng ating sariling wika. Ang pakikilahok sa mga aktibidad at proyekto ng pamahalaan na nagtataguyod ng wikang pambansa ay isa ring paraan upang mapalawak at mapaunlad ang pag-unawa sa wikang Filipino.

Ang pangalawang tema na umusbong ay ang **pagpapalaganap ng wikang Filipino**, isiniwalat ng dalawang kalahok na sina *Negosyante* (palayaw) at *Binibini* (palayaw) na ang mga aral na maibabahagi nila sa kanilang mga kapwa guro ay ang pagpapalaganap, pagtuturo at pag-uunawa pa ng wikang Filipino sa mga mag-aaral.

Ayon ni Laderas at Ricaforte (2023), sa isang pag-aaral, taong 1991 sa Batas republika Blg.7104 sinakatuparan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na layunin nitong magbigay pansin at magbigay prayoridad sa pagpapalaganap at pagpapabuti ng Wikang Filipino at iba pang wika sa bansa ng sa ganon ay maging sentro ito ng ating pagkakakilanlan at maging bahagi ng ating kultura bilang mga mamamayang Pilipino.

Sinuportahan naman ito ni Casugay (2020), na ang pagpapalaganap ng kaalaman hinggil sa wikang Filipino ay may magagandang epekto sa iba't ibang paraan. Mahalaga na ito'y maiparating sa mas maraming tao upang mas lumawak ang kaalaman at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa ating bansa.

Ang pangatlong tema na umusbong ay ang **kahalagahan ng pagkakaroon ng estratehiya sa pagtuturo**, binigyang-diin ng bawat kalahok ng kung gaano kahalaga ang pagkakaroon ng estratehiya sa pagtuturo sapagkat ito ay nagiging, daan upang ang mga mag-aaral ay magiging aktibo sa pakikilahok at magkaroon ng kaalaman sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Sa isang pag-aaral ni Bouslog (2019), natuklasan na ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay mga pamamaraan, proseso, o iba't ibang hakbang na ginagamit ng mga guro at nagbibigay mahalagang papel sa kanilang pagtuturo sa loob ng silid-aralan. Ang mga estratehiyang ito ang nagsisilbing instrumento upang maihatid ng mga guro ang kanilang pagtuturo nang naaayon sa mga pamantayan at upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga estudyante at ang mga estratehiya ay tumutulong sa mga mag-aaral na makilahok, makakonekta, at magdagdag ng interes sa nilalaman na itinuturo. Kailangang magkaroon ng malawak na kaalaman ang mga guro sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo at magkaroon ng maraming opsyon na mapagpipilian. Ito ay tumutulong sa mga guro na hikayatin ang kanilang mga mag-aaral at panatilihing aktibong nakikilahok ang mga ito sa proseso ng pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral ni Persaud (2024), na mahalaga ang mga instruksyonal na estratehiya para sa pamamaraan na ginagamit ng guro upang iparating ang kanilang mga aralin. Ang mga epektibong instruksyonal na estratehiya na kilala rin bilang mga pamamaraang pagtuturo ay tumutulong sa mag-aaral na maging aktibo na makikilahok sa proseso ng pag-aaral. Kapag nagawa o naipatupad nang maayos ang mga estratehiya ay ito ay nagbibigay-daan din sa mga estudyante na maabot ang kanilang mga layunin sa pag-aaral.

Ang pang-apat na temang umusbong ay ang **kahalagahan ng pagtuturo ng wikang filipino sa edukasyon**, ibinahagi ni Negosyante (palayaw) at Binibini (palayaw) ang kanilang suhestiyon o maipapayo sa kanilang kapwa guro na nagtuturo rin ng wikang Filipino na dapat wag kaligtaan o magkaroon ng malawak na kaalaman ang wikang Filipino at ituro ang dapat ituro sa mga mag-aaral para magamit nila ito sa pakikipagkomunikasyon.

Sa pag-aaral ni Cañas (2023), na ang edukasyon ay mahalagang paraan upang mapanatili ang wika. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng Filipino sa mga paaralan, binibigyan natin ang kabataan ng kakayahang maunawaan at gamitin ang kanilang sariling wika. Ito ay hindi lamang isang asignatura na bahagi ng kurikulum, kundi isa ring pundasyon ng kanilang pagkatao at pagkakakilanlan.

Ayon kay Malit (2024), tunay na napakahalaga ng wika sa pag-aaral dahil ito ay isa sa matibay na pundasyon ng komunikasyon sa loob ng silid-aralan. Mas natututo ang mga kabataan kung nauunawaan nila ang wikang ginagamit ng kanilang guro. Naipapahayag nila nang maayos ang kanilang natutunan o kaalaman kapag may mga tanong ang kanilang guro. Nagiging maayos at payapa ang klase dahil nagkakaintindihan ang lahat, at natututo ng wika ang bawat mag-aaral. Kaya't higit nating pahalagahan ang ating wika sapagkat ito'y nagsisilbing paraan upang maging ganap na tao ang isang indibidwal at maging ganap na bansa ang isang bayan.

**Implikasyon sa Kasanayang Pagtuturo**

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nakapagpakita ng mga buhay na karanasan sa pagharap sa mga hamon at mga pananaw o napagtanto ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Gamit ang mga datos na ito, panahon na para talakayin ang mga posibleng implikasyon para matugunan ang tumataas na alalahanin sa paglahok ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino at isa-isang sumailalim ito sa paggalugad sa maaaring mga implikasyon nito para sa pagsasanay ng mga guro sa pagtuturo.

Bilang panimula, ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng malawak na hanay ng mga diskarte sa pagharap na maaaring gamitin ng mga guro sa mga pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ang mga karanasan ng mga guro ay maaaring maging isang reperensya sa kanilang sariling pag-aaral sa pagharap sa mga hamon na kanilang kinakaharap. Bukod dito, ang

pagsusuri sa mga karanasan at pananaw ng mga guro na ito ay nagbigay sa akin ng malalim na pag-unawa sa kung gaano kahalaga ang pagtuturo ng wikang Filiino at pagpapaunlad ng sarili bilang isang guro at sa kung paano ito magsisilbing suporta at gabay sa mga mag-aaral sa kabuoan ng kanilang mga paglalakbay sa pananaliksik, na nagpapahintulot sa akin na bumuo ng mga iniangkop na estratehiya upang matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan at mga balakid.

Una, sa mga guro, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ito na ang pagtuturo ng wikang Filipino ng mga guro ay may positibong implikasyon sa kanila na nagbibigay ng inspirasyon sa kanilang karera na mag-udyok na magkaroon ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo na siyang nagpapabuti sa kanilang kakayahan at kaalaman sa pagtuturo. Nagbibigay din daan sa mas maraming mga oportunidad na kanilang maaaring makamit at higit sa lahat ang makapagbahagi ng isang makabuluhang edukasyon sa mga mag-aaral.

Pangalawa, , sa mga mag-aaral, ang pananaliksik na ito ay kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral dahil magbibigay ito ng malalim na pang-unawa at inspirasyon sa mga mag-aaral na pahalagahan ang kanilang sariling pag-unlad at pagkatuto ng wikang Filipino, kapag nakikitaan nila na ang guro ay nagsusumikap na mag-aral,nagtuturo at nagpapabuti sa kanilang sariling kakayahan at kaalaman ukol sa kanilang propesyon ay maaaring maging modelo ito para sa kanila na hindi lang sa larangan ng edukasyon kundi pati na rin sa kanilang sariling buhay, karera at nagdudulot ng mataas na tagumpay tungo sa isang magandang pang-akademikong karanasan para sa mga mag-aaral.

Pangatlo, sa tagapamahala ng paaralan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang mga guro ay aktibong makiisa sa mga programa at aktibidad na ipinatutupad tulad ng ng mga pagsasanay, worksyap at paliha. Sa pamamagitan nito, maaaring gamitin ng paaralan ang mga impormasyon upang lumikha ng isang kapaligiran na nagpapaunlad ng paglago at nagbibigay ng mga pagkakataon para sa suporta ng mga guro at pahusayin ang pagtuturo ng wikang Filipino.

Panghuli, sa mga mananaliksik sa hinaharap, maaari nilang gamitin ang pag-aaral bilang sanggunian para sa kanilang gagawing pananaliksik sa hinaharap. Dahil sa katotohanan na ang pag-aaral ay nagsiwalat ng mga paghihirap, mga karanasan, mga mekanismo ng pagharap sa hamon at mga pananaw o napagtanto ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Nawa'y ang gawaing ito ay mag-udyok sa kanila na magkaroon ng mga pagsusumikap sa pananaliksik sa hinaharap na maaaring ituro upang siyasatin ang pagtuturo ng mga guro sa wikang Filipino.

Pangatlo, sa *education earners,* ipinahihiwatig ng pag-aaral na ito ang karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination,* partikular sa paksaing Filipino, ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-intindi sa kanilang mga hamon at pangangailangan. Ang mga natuklasan ay nagmumungkahi na ang mas mahusay na pagsasanay at suporta sa Filipino ay maaaring magpataas ng kumpiyansa at kakayahan ng mga estudyante sa pagsusulit. Ang mga resulta ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa pinasadyang mga kurikulum at materyales na akma sa wika at kultura, na maaaring magdulot ng mas mataas na tagumpay sa board exams at mas mahusay na pang-akademikong *performance* sa hinaharap.

**Implikasyon para sa Karagdagang Pag-aaral**

Ang implikasyon para sa karagdagang pananaliksik ay upang palawakin ang laki ng sampol at konteksto ng pananaliksik. Ang kasalukuyang pag-aaral, na nakatutok lamang sa tatlong kaso at tatlong impormante na may kabuoan na anim na kalahok na nagmula sa mga pribadong paaralan ng lungsod ng *Kapalong Davao del Norte*, ay may limitadong laki ng sampol at makitid na konteksto na maaaring tugunan ng mga hinaharap na mananaliksik ang mga limitasyon nito sa pamamagitan ng pagsasama ng mas malaki at mas magkaibang sampol ng mga guro sa iba't ibang paaralan. Sa paggawa nito, makakamit ang isang mas komprehensibong pag-unawa sa mga buhay na karanasan ng mga guro sa mga pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Bukod pa rito, ang pananaliksik sa hinaharap ay maaaring makinabangan mula sa pagsasama ng mga pananaw ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ang pagsasama ng mga boses ng mga guro ay nagbibigay ng mga pananaw sa kanilang mga karanasan, hamon at mekanismo sa pagharap. Ang pagsasama sa mga pananaw ng mga guro ay makatutulong sa isang mas balanse at komprehensibong pag-unawa sa pagtukoy sa mga lugar ng pagkakahanay na may potensyal na agwat sa mga persepyon na mas mapapahusay pa ng mga mananaliksik ang kalidad ng pangangasiwa dito.

Mahalagang kilalanin ang mga limitasyon ng kasalukuyang pag-aaral. Ang isang pangunahing limitasyon ay ang maliit na sukat ng sampol na binubuo ng tatlong kaso na may kabuoang anim na mga kalahok, lahat ay mula sa mga pribadong paaralan sa lungsod ng Kapalong Davao del Norte. Ang limitadong sukat ng sampol na ito ay naghihigpit sa pagiging pangkalahatan ng mga natuklasan sa isang mas malawak na populasyon ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Samakatuwid, ang pananaliksik sa hinaharap ay dapat na naglalayong isama ang isang mas malaki at mas magkakaibang sampol na sumasaklaw sa mga guro mula sa iba't ibang mga paaralan at sanligan na siyang titiyakin ang isang mas kinatawan at komprehensibong pang-unawa sa pag-aaral.

Ayon sa mga mungkahi sa seksyong ito, maaaring gayahin ng ibang mga mananaliksik ang pananaliksik na ito sa kanilang sariling konteksto na kung saan ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino ay alalahanin. Sila ay higit sa malugod na tinatanggap na gumamit ng parehong pamamaraan ng pananaliksik o subukan ang iba't ibang paraan upang suportahan o pabulaanan ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito. Ang iba pang mga mananaliksik ay maaaring tumingin sa pagtaas ng laki ng sampol upang masakop ang mas makabuluhang mga kwento sa karanasan ng mga guro sa Filipino ukol sa kanilang pagtuturo bilang mga kalahok sa pag-aaral. Upang mapagkatiwalaan ang mga resulta ng pananaliksik maaaring ulitin ng mga mananaliksik sa hinaharap ang pag-aaral gamit ang iba't ibang mga *site* ng pananaliksik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Bilang pangkalahatan, iminumungkahi na ang pananaliksik sa hinaharap ay higit na tumutok sa pagtatasa ng mga binuong mapagkukunan ng pag-aaral na ginagamit para sa paghahanda at pangangasiwa ng pagsusulit, materyales sa pag-aaral, diskarte at dulog sa pag-aaral at pamamahala sa oras ay ipinagkatiwala sa mga eksperto mula sa iba't ibang larangan. Higit sa lahat, magandang ideya na isama ang mga opinyon ng mga guro na nagtuturo ng wikang Filipino sa pagkilatis ng pananaliksik. Ang mga kasalukuyang programa sa pagsusuri ay maaaring mapabuti gamit ang mga impormasyon mula sa mga paparating na pag-aaral na ito.

**Panapos na Pahayag**

Sa pagtaguyod ng pag-aaral na ito hinggil sa karanasan ng mga guro sa pribadong paaralan sa pagtuturo ng wikang Filipino, maraming mahahalagang aral ang matutunan. Itinatampok ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga guro ng wikang Filipino na siyang nagpapabuti sa kanilang kasanayan at nagpapalawak ng kaalaman na nagbibigay sa kanila ng inspirasyon na makapagbahagi sa mga mag-aaral ng isang mayroong kalidad na edukasyon. Bukod pa rito, binibigyang-diin ng pag-aaral ang paggamit ng mga plataporma ng komunikasyon, pagsunod sa mga pormat ng paaralan, at pagkakaroon ng mga manwal na pananaliksik at mga mapagkukunang sa onlayn upang matiyak ang kalidad at pagkakahanay ng gawaing pananaliksik. Ang mga araling ito ay nakatutulong na magbigay ng malalim na pag-unawa sa mga proseso at karanasan ng mga guro sa sa pagtuturo ng wikang Filipino at mababatid din dito ang kahalagahan sa kanilang patuloy na pagpapabuti ng kanilang kasanayan at kaalaman sa buong karera nila bilang isang guro.

Ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito, ay isang kanais-nais at nagpapayaman ng karanasan para maibabahagi. Ang pagkakataong suriin ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino ay nagbigay ng mahalagang mga pananaw. Ang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok at pag-aaral sa kanilang mga karanasan, mekanismo sa pagharap at sa kanilang mga pananaw ay nagpadagdag sa kaalaman sa mga kahirapan at pagiging kumplikado ng proseso ng pagsasagawa ng pag-aaral na ito.

Sa kabila ng paghihirap, ang mananaliksik ay nanatiling nakatuon upang ipagpatuloy ang pananaliksik. Nagsagawa ang mananaliksik ng masigasig na trabaho upang mangolekta at mag-analisa ng mga datos, at ipinakita at itinalakay niya ang mga resulta nang may matinding pag-iingat. Nagpakita ito ng kaniyang dedikasyon at katatagan sa pag-ambag sa larangan ng akademiko. Ang mga hamon na nakatagpo sa panahon ng proseso ng pananaliksik ay nagsilbing mga pagkakataon para sa paglago na nagpapatibay sa determinasyon ng mananaliksik na makamit ang layunin ng pag-aaral.

Higit sa makabuluhan na natuklasan ng mananaliksik na ang buong akademikong paglalakbay ay isang kasiya-siyang paglalakbay. Ang buong pakikipagsapalaran na ito ay nagbigay rin sa kaniya ng isang mahusay na pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad. Nakatulong ito sa kaniya na palawakin pa ang kaniyang pananaliksik at nakuha niya ang pagkakaroon ng mahabang pasensya, pagpupursige, sipag, katapangan at bukod pa sa iba pang mga bagay.

Sa kabuoan, ang taimtim na diskarte ng mananaliksik at hindi natitinag na dedikasyon ay nagresulta sa isang komprehensibong pag-aaral hinggil sa naging karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ang pagkumpleto ng pag-aaral na ito ay hindi lamang nagbibigay ng mahahalagang pananaw sa akademikong pang-iskolar ngunit nagpapakita rin ito ng pangako ng mananaliksik sa mga gawaing pang-iskolar. Nagsisilbi itong testamento sa kanilang katatagan at tinitiyak na ang mga natuklasan ay makakapagbigay-alam sa hinaharap na pananaliksik at mga pagpapabuti ang pagtuturo ng mg guro sa pagtuturo ng wikang Filipino.

## TALASANGGUNIAN

1. *Acebes, L. C., Achas, R. R., Bulanadi, V. R., Dacillo, A. A., & Pulvira, C. M. L. (2024). Estratehiya Sa Pagtuturo Ng Asignaturang Filipino Ng Mga Piling Guro Sa Senior High School Sa Panuruang Taon 2022-2023. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2).*
2. *Albay,J. (2017) Epekto ng Modernisasyon ng Wikang Filipino sa Pag-aaral ng mga*
3. *Senior High School sa Unibersidad ng Pangasinan.*
4. *Anastacio, R. (2022).https://www.studocu.com/ph/document/university-of-manila/engineering-mechanics/epekto-ng-modernisasyon-ng-wikang-filipino-ng-mga-mag-aaral-ng-the-university-of-manila/23013928*
5. *Aranza, N. (2020). Dahilan ng Kawalan ng Interes sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral.*
6. *Arevalo, M. & Comighud, S. M. (2020). Motivation in Relation To Teachers' Performance./2020/all_events/196*
7. *Bag-o et al. (2019). Kahalagahan ng Paggamit ng Wikang Filipino Pag-aaral ng mga nasa ika-10 BAITANG ng Father Urious Institute of Technology*
8. *Baito et al. (2019). Kakulangan sa Kaalaman sa Wikang Filipino.*
9. *Bandino et al. (2022). Epekto ng Makabagong Teknolohiya sa Wika at Kultura Na Nararanasan Ng Mga Mag-aaral.*
10. *Barrett et al. (2006). Journal of Personality and Social Psychology, 91(3), 519–523.*
11. *Barberos, M. T., Gozalo, A., & Padayogdog, E. (2018). The effectoftheteacher's teaching style on students' motivation action research – researchnyu steinhardt Retrieved on April 13, 2018 from*
12. *Bautista, C. (2021).Katangian At Personalidad Ng Isang Magaling At Epektibong Guro. Pressreader,sunstar.Pampanga.*
13. *Bechayda et.al (2022). Mga Istilo ng Pagtuturo sa Filipino at ang Motibasyon sa Pagkatuto ng mga Mag- aaral sa Filipino.*
14. *Benito,J (2023).Kahandaan Ng Guro Sa Pagtuturo Ng Asignaturang Filipino Sa Antas Sekondarya.*
15. *Bloom, B. and Crabtree, B. F. (2006). The Qualitative Research Interview. Medical Education, 40, 314-321*
16. *Borbon, K. (2020). Ano nga ba ang Wikang Filipino? – Kalagayan ng WIka.*

17. *Boyatzis, R. E. (1998). Transforming qualitative information: Thematic analysis and code development. Sage Publications, Inc.*
18. *Bouslog, M. (2019). Effective Teaching Strategies Used in Today's Claasrooms.*
19. *Buhisan, C. et.al (2024). Filipino Language Teachers: Addressing Difficulties in Teaching Filipino Subjects in Private Schools on th Philippines.*
20. *Bricki, N. and Green, J. (2007). A Guide to Using Qualitative Research Methodology.*
21. *Cabigao, J. R. (2021). Pagbuo at Balidasyon ng Isang Mungkahing Modelong Rubrik sa Pagmamarka ng Mga Sulatin sa Antas Graduwado (Development and Validation of A Proposed Model Rubric in Rating Written Outputs at the Graduate School Level).*
22. *Calisang, (2015). Tesis kaugnay sa "Lawak ng Paggamit ng mga Estudyante sa Wikang Filipino.*
23. *Cañas,A.J (2023).Pangagalaga sa Wikang Filipino.*
24. *Carter, R. & Nash, W. (2020). Languageandliterariness.*
25. *Cason, A. (2017). Epekto ng Kawalan ng Interes sa Pag-aaral.*
26. *Casugay, E. (2020). https://www.studocu.com/ph/document/cebu-normal-university/wikang-filipino/casugay-wikang-filipino/30793958*
27. *Corpuz et.al (2007). Facilitating Learning: A Metacognitive Process. Quezon City: Lorimar Publish*
28. *Creswell, John W. (2012). Educational research: planning, conducting, evaluating, quantitative and qualitative research (Fourth Edition). United State of America: Pearson Education Inc.*
29. *Cruz et al. (2010). Fililpino 2 sa Pagbasa at Pagsulat sa Masining naPananaliksik sa Antas Tersaryo. Manila: Minshapers Company.*
30. *Cruz M. (2023). Wikang Filipino: Tulay sa pag-unawa ng mag-aaral sa mga asignaturang nakahanay sa wikang Ingles. Bulacan State University.*
31. *David, P. (2020). Language barriers and learning in Filipino classrooms. Journal of Educational Research, 35(2), 121-134.*
32. *Dewey, J. (1938). Experience and Education. Toronto: Collier-MacMillan Canada Ltd.*
33. *De Juan, G. (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng filipino.*
34. *Derasin, L. M. (2024). Filipino Language Teachers: Addressing Difficulties in Teaching Filipino Subjects in Private Schools in the Philippines. Retrieved from ResearchGate*
35. *Duncan, I. (2012). Urban Dictionary. Generation Z.*
36. *Ereneta, E. (2022). Ang kahalagahan ng Wika sa Makabagong Henerasyon.*
37. *Fajri, M. & Indah, R. (2022). Student's Speaking Problems in Online Learning.*
38. *Fernandez, Fricx Mhel A. et al. (2013). Pag-unawa sa suliranin ng mga di-medyor na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Pamantasang De La Salle-Dasmariñas, Dalubhasaan ng Malalayang Sining, Programang Panggraduwado. Academia.*
39. *Francisco, R. (2023). Wikang Filipino Gamit ang Makabagong Teknolohiya.*
40. *Gabaldon, C. (2022). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino.https://www.studocu.com/ph/document/ilocos-sur-polytechnic-state-college/intermediate-programming/komunikasyon-at-pananaliksik-sa-wika-at-kulturang-filipino/29282136*
41. *Gannaban, M. F. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino.*
42. *Gutierrez, M. (2017). Kahalagahan ng Pag-aaral ng Asignaturang Filipino sa mga Mag-aaral. Nakuha noong ika-20 ng Nobyembre mula sa http://ww.angblognimarko.blogspot.com Readings Cieurco, C. and UiO*
43. *Han, J. & Yin, H. (2016). Teacher motivation: Definition, research development and implications for teachers, Cogent Education, 1-18.*
44. *Hawthorne,H.(2022). What is Effective Teaching.*
45. *Jaelani, A. & Zabidi, W. (2020). Junior High School Student's Difficulties of English Languange Learning in the Speaking and Listening.*
46. *Jang,H.,Kim,E.J.,&Reeve,J.(2012).Longitudinal test of self-determination theory's motivation mediation model in a naturally occurring classroom context. Journal Psychology, of 104(4), Educational 1175-1188.*
47. *Jeyaraj, S. J. (2017). Challenges in Teaching English in India.*
48. *Johnson, D. (2017).The Role of Teachers in Motivating Students To Learn. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1230415.pdf*
49. *Labrador et.al (2017). Kalagayan ng Wikang Filipino sa Makabagong Panahon. https://www.slideshare.net/jaszh12/pananaliksik-sa-filipino-11-final*
50. *Laderas, G. & Ricaforte, R. (2023). Ang Komisyon ng Wikang Filipino: Pagbibigay-buhay sa Wikang Filipino.https://thebenildean.org/2023/08/ang-komisyon-ng-wikang-filipino-pagbibigay-buhay-sa-wikang-filipino*
51. *Lincoln, YS. & Guba, EG. (1985). Naturalistic Inquiry. Newbury Park, CA: Sage Publications.*
52. *Nicolas, R. M. (2021). Mga Hamon ng Mga Guro sa Filipino sa Barasoain Memorial Integrated School sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya*
53. *Malit,Z (2024).Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon.*
54. *Magcalas, H. A., Bautista, R. L., & de Jesus, L. F. (2019). Pinoy ako, pero Hindi Filipino Major: Pag-aaral sa Karanasan ng Guro sa Pribadong Paaralan. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(3), 45-58.*
55. *Miles, M. & Huberman M. (1994). Analyzing Qualitative Data.*
56. *Morse, JM (2005). Critical Analysis of Strategies for Determining Rigor in Qualitative*
57. *Mouton J. & Marais, H. (1999) Basic concepts in the methodology of the social sciences Pretoria Human Sciences Research Council*
58. *Ortanez D. (2019) Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon*
59. *Patton, M. Q. 2002). Purporseful Sampling for Qualitative Data Collection. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4012002*
60. *Powers, W. (1973). Perceptual Control Theory.*
61. *Reyes, M. (2020). Pag-aaral sa impluwensya ng kulturang pang-edukasyon sa kasanayan sa Filipino ng mga estudyante sa pribadong paaralan.*

62. *Rogayan, Jr. D.V. (2018). Why young Filipino teachers teach? Asia Paci□c Higher Education Research Jour-nal, 5(2), 48-60.*
63. *Ruedas, C., et al (2001). Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo tulad ng E from Filipino FIL2A - 2014 at University of the East, Manila. Retrieved from*
64. *Shenton, A (2004). Mga diskarte para sa pagtiyak sa pagiging mapagkakatiwalaan sa husay.*
65. *Sherrington, Tom (2019). 7 Significant and Common Challenges in Teaching. Teacherhead. Wordpress. Retrieved from*
66. *Silva, M (2018). Gurong Filipino Sa makabagong Pilipino*
67. *Thorndike, E (1910). https://elearningindustry.com/connectionism*
68. *Tubio, (2017). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya*
69. *Paglinawan, L. ( 2010). Isang malikhaing pagtuturo ng wikang tungo sa paglinang ng kasanayang pangkomunikatibo: Mga tunguhin at estratehiya. Filipino Language Program, University*
70. *Panisoara, I. O., Lazar, I., Panisoara, G., Chirca, R., & Ursu, A.S. (2020). Motivation and continuance intention towards online instruction among teachers during the COVID-19 pandemic: The mediating effect of burnout and technostress. International Journal of Environmental Research and Public Health, 1-28.*
71. *Persaud, C. (2024).25 Effective Instructional Strategis for Educators.*
72. *Plaget, J. (1936). Origins of intelligence in the child. London: Routledge & Kegan Paul.*
73. *Valdez et al. (2019). Pilit at Pinilit: Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita ng Filipino*
74. *Ventoso,N.(2018). Pagpapahalaga sa Wikang Filipino: Pagtibayin*
75. *Wong, A. C. (2012). What Filipinos Can Be Proud Of. Philippine Daily Inquirer.R*
76. *Yin, R. (2003). Perspective on Doing Case Study Reseach in Organization.*